# ANG PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA

**Marka:** **3.4** Image not found or type unknown

**Deskripsyon:** Ang Patotoo ng Pananampalataya ay ang pinakamahalagang aspeto ng relihiyong Islam, kung saan itinatayo ang buong relihiyon. Ang araling ito ay nagbibigay ng pananaw sa kahalagahan at kahulugan nito.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Islamikong Paniniwala › Kaisahan ng Diyos (Tawheed)

**Ni:** Imam Kamil Mufti
**Nai-publish sa:** 18 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

MGA Layunin

·Upang maunawaan ang kahalagahan ng Pagpapahayag / Pagpapatotoo ng Pananampalataya.

· Upang maunawaan ang kahulugan ng Pagpapahayag / Pagpapatotoo ng Pananampalataya.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Shahadah* - Pagpapahayag / Pagpapatotoo ng Pananampalataya.

·*Allah* - Allah, isa sa mga pangalan ng Dakilang Tagapaglikha.

·*Tawheed* - Ang Kaisahan at pamumukod tangi ni Allah bilang respeto sa kanyang pag ka Panginoon, sa Kanyang mga pangalan at mga katangian at ang karapatan Niya na sambahin.

## Pambungad

Ang sentro ng relihiyong Islam ay ang pagsaksi o pagpapatotoo sa sumusunod na dalawang aspeto:

(i) *La ilaha illa Allah* (ang ibig sabihin nito ay 'Walang Ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, Ang Nag-iisang Dakilang Tagapaglikha, Ang Panginoon ng lahat.

(ii) *Muhammad rasoolu Allah* (ang ibig sabihin nito ay 'Si Muhammad ay Sugo / Propeta ng Allah')

Ang mga katagang ito ay kilala sa tawag na Shahadah o ang Pagpapahayag / Pagpapatotoo ng Pananampalataya. Sa pamamagitan ng buong paniniwala at

pagbigkas ng mga katagang ito makakapasok ang sinuman sa pananampalatayang Islam at ito ang sentro ng paniniwala ng bawat mananampalataya na kailangan niyang panatilihin habang siya ay nabubuhay, at siyang basehan ng kanyang mga paniniwala, pagsamba, at pananatili sa mundong ito.

Ang bawat Muslim, kabilang na ang mga bagong yakap sa Islam, ay kinakailangang maunawaan ang kahulugan ng mga katagang ito, at pagsumikapan ito na maisabuhay.

## Ang Kahalagahan ng Pagpapatotoo ng Pananampalataya

Ang Pagpapahayag na ito ay ang pinakamahalagang aspeto ng relihiyong Islam kung saan ang buong relihiyon ay naitatag. Ang Islam ang bukod tangi at tunay na monoteismong relihiyon, nagpapahiwatig na ang pagsamba ay hindi nararapat na i-alay sa iba maliban lamang kay Allah. Ito ay isang paraan ng pamumuhay kung saan ang isang tao ay sumusunod at sumasamba sa mga utos ng Allah at wala nang iba.

Ang Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Shahadah*) na ito ay nagpapaalala sa atin ng ating layunin sa buhay na sambahin ang Allah lamang. Ang sabi ng Allah sa Qur'an:

***“At hindi Ko nilikha ang jinn at tao maliban na lamang na sambahin nila Ako.” (Quran 51:56)***

Ang mensahe ng Kaisahan ng Diyos (*Tawheed*) na matatagpuan sa Pagpapatotoo ay hindi partikular sa mensahe ni Propeta Muhammad, ang awa at biyaya ng Allah ay sumakanya nawa. Ito ay ang mensahe ng lahat ng Propeta ng Allah. Mula nang likhain ng Allah ang sangkatauhan, Ang Allah ay nagpadala ng mga Propeta sa bawat lahi at nasyon at ipinag-utos na walang ibang sasambahin kundi Siya lamang kabilang na dito ang pagtanggi sa mga diyos-diyosan. Sabi ni Allah:

***“Katunayan na Kami ay nagpadala sa bawat bansa ng isang Sugo, [nag utos sa kanila] 'Sambahin ang Allah, at tanggihan ang mga bulaang Diyos.” (Quran 16:36)***

## Ang Kahulugan ng La ilaha illa Allah

Ang kahulugan ng bawat salita sa parirala na ito ay:

*La: Walang; ilaha: diyos (diyos); illa: maliban; Ala: Allah (Diyos)*

Samakatuwid, ang literal na kahulugan ng pariralang ito ay "Walang diyos maliban kay Allah”

### Unang Bahagi ng pariralang ito: Pagtanggi

‘Walang diyos’… dito, ang diyos na may isang maliit na titik 'd' ay anumang bagay na sinasamba. Maraming mga tao ang gumawa ng mga bagay na kanilang likha bilang kanilang mga diyos at anito, ngunit lahat sila ay huwad at mali na sambahin sila, ibig sabihin wala silang karapatan sa pagsamba na iyon, ni hindi sila nararapat dito. Ang pagtanggi na ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga pamahiin, ideolohiya, mga pamamaraan sa buhay, o anumang uri ng kapangyarihan na nag-aangkin ng banal na debosyon.

Ang ilang mga tao ay iniisip na ang Banal na Kaharian ng Diyos ay tulad ng kaharian dito sa lupa. Tulad ng isang hari na maraming mga ministro at pinagkakatiwalaang mga kasamahan, inakala nila 'ang mga santo' na magiging mga tagapamagitan sa Diyos. Kinikilala nila ang mga ito bilang mga kasangkapan para lumapit sa Diyos. Sa katunayan, walang tagapamagitan sa Islam, walang pari o pastor na dapat na 'kumpisalan' ng kanilang mga kasalanan upang mapatawad. Ang Muslim ay nagdarasal nang direkta at eksklusibo sa Diyos. Tinatanggihan din namin ang paniniwala sa mga pamahiin gaya ng astrolohiya, pagbabasa ng guhit ng palad, mga talisman o pampa-swerte, at mga manghuhula.

### Ikalawang bahagi ng aspeto na ito: Pagpapatibay

‘Maliban sa Allah' … Matapos ang pagtanggi sa karapatan ng anumang nilalang na sinasamba, ang Pagpapatotoo o pagsaksi ay nagpapatotoo sa kabanalan ng Allah'....maliban sa Allah.'

Ang Allah, ay nagbanggit sa Quran, sa maraming bahagi nito, na ang lahat ng bagay na pinag aalayan ng mga tao ng pagsamba bukod sa Allah ay hindi karapat-dapat sa anumang pagsamba, at walang karapatan ang sinuman sa pagsamba na ito, dahil sila mismo ay mga nilikha lamang at walang kapangyarihan upang magbigay ng anumang benepisyo.

***Katunatayn, sinamba nila bukod sa Kanya ang iba pang mga diyos na nilikha ng kanilang mga sarili, ni walang kakayahan na magtaglay ng pinsala o pakinabang para sa kanilang sarili, at hindi nagtataglay ng kapangyarihan (na nagiging sanhi) ng kamatayan, ni (pagbibigay) ng buhay, o ng pagbuhay ng patay. (Quran 25:3)***

Kaya, ang *La ilaha illa Allah* ay nangangahulugang, “Walang tunay na diyos maliban sa Allah "o" Walang diyos na higit na karapat dapat sambahin maliban kay Allah.”

## Ang Kahulugan ng Muhammad rasoolu Allah

Ang kahulugan ng bawat salita sa parirala ay:

*Muhammad:* Propeta Muhammad*; rasoolu: Propeta*; *Allah: Allah (Diyos)*

At samakatuwid ang parirala na ito ay nangangahulugang, "Si Muhammad ay Sugo at propeta ng Allah".

Sa pamamagitan ng pagpapatunay sa katotohanang ito, ang isa ay nagpapatotoo na si Propeta Muhammad, ay isang Propeta at Sugo na may patnubay mula sa Diyos, para sa sangkatauhan upang maihatid ang mensahe ng Panginoon, tulad ng iba pang mga Propeta at Sugo. Ang pagpapatunay sa katotohanang ito ay nagpapahiwatig ng maraming kahulugan. Kabilang dito ang mga sumusunod:

1. Ang paniwalaan na siya ang huling Propeta at Sugo.

***“Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo ngunit siya ay Sugo ng Allah at ang huling Propeta at ang Allah ang higit na Nakaka-Alam ng lahat” (Quran 33:40)***

2. Ang paniwalaan na ibinahagi niya ang mensahe ng Allah nang buong katapatan, tulad ng kanyang pagkakatanggap dito, walang kakulangan. Sabi Ng Allah:

***“…Sa araw na ito, ginanap ko ang relihiyon para sa inyo, at kinumpleto ang Aking Pabor para sa inyo, at pinili Ko ang Islam bilang inyong relihiyon…” (Quran 5:3)***

3. Ang paniwalaan na siya ay Propeta para sa lahat ng sangkatauhan. Sabi ni Allah:

***“Sabihin mo: O sangkatauhan! Ako ay Sugo ng Allah sa inyong lahat…” (Quran 7:158)***

4. Ang paniwalaan na ang lahat ng sinabi niya tungkol sa relihiyon ay kapahayagan mula sa Allah. Siya ay nararapat gawing isang halimbawa at sundin nang walang pag alinlangan sapagkat siya ay nagpahayag sa Ngalan ng Allah at ang pagtalima sa kanya ay pagtalima sa Allah.

***“Hindi siya nagsasalita mula sa kanyang sariling pagnanais, ito (ang kanyang pananalita) ay isang pahayag lamang [sa kanya]. (Quran 53:3-4)***

***“Siya na tumatalima sa Sugo, ay tumatalima sa Allah...” (Quran 4:80)***

5. Dapat nating sambahin ang Allah ayon sa batas na dala niya. Binuwag niya ang lahat ng naunang mga batas kabilang ang Mosaic Law.

***“At ang sinumang nagnanais ng relihiyon maliban sa Islam, hindi ito tatanggapin mula sa kanya, at sa Kabilang Buhay siya ay kabilang sa mga talunan.” (Quran 3:85)***

6. Si Propeta Muhammad ay dapat mahalin at bigyan ng pagpupugay. Ang malaman ang kanyang moralidad, ang kanyang mga sakripisyo para sa pagpalaganap ng monoteismo, at ang kanyang pagtitiis sa mga kalaban ay nagdaragdag ng

pagpapahalaga sa kanya. Habang nababatid natin ang tungkol sa kanyang buhay at mga katangian, higit lalong nadadagdagan ang ating pagmamahal sa kanya.

Sa kabuuan, ang pagpapatotoo o pagsaksi na si Muhammad *rasoolu Allah* ay nangangahulugan ng pagsunod kay Propeta Muhammad sa kung ano ang kanyang utos, paniniwala sa kanya sa kung ano ang ipinahayag niya, pag-layo sa kanyang ipinagbabawal, at pagsamba sa Allah lamang sa paraang itinagubilin niya sa atin. Ang mga bagay na ito ay hindi limitado sa isang partikular na tao o sa isang partikular na panahon.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/93/ang-pagpapahayag-ng-pananampalataya

Copyright © 2011 - 2023 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.